

## Mga Pagsasara sa Lungsod at mga Apektadong Serbisyo

Ang mga Hindi Kinakailangang Serbisyo ay Suspendido; Ang mga Serbisyonang Kinakailangan at Pagpapanatili ng Kaligtasan ng Publiko ay Magpapatuloy

Ang Munisipyo at ang iba pang mga pasilidad sa Lungsod ay sarado habang ang Kautusan na Manatili sa Bahay ay sinasagawa; mayroong mga pansamantalang pagtigil sa karamihan ng mga serbisyo sa Lungsod.

- [Basahin ang kumpletong listahan ng kanselado, pinagpaliban o pinagbawal na serbisyo.](#)

## Mga Transportasyon sa Panahon ng Coronavirus

**Epektibo ng Marso 31:** Ang *AC Transit* ay magsisimula ng operasyon base sa binagong iskedyul ng serbisyo bilang tugon sa pandemya na COVID-19. Habang ito'y katulad ng kasalukuyang serbisyo tuwing Linggo, ang mga oras ng dating ay iba dito.

- **Lokal na serbisyo:**
  - Maraming linya ang gagana ng may maliit na pagbabago ng oras mula sa iskedyul tuwing Linggo.
  - Ang mga linya tuwing Lunes hanggang Biyernes (*weekday*) lamang ay hindi tatakbo, kasama ang karagdagang serbisyo.
- **Serbisyong *transbay*:**
  - Ang mga linyang F, NL, O, at 800 ay magtutuloy-tuloy an operasyon.
  - Ang mga linyang *transbay* tuwing Lunes hanggang Biyernes (*weekday*) lamang ay hindi gagana.
- **Ang serbisyonang buong gabi:**
  - Ang mga linyang 800 at 801 ay tatakbo sa kada isang oras.
  - Ang Linyang 1 ay tatakbo sa kada isang oras mula hating-gabi at 5:00 a.m.
- **Pagpapalano ng Alis:** Ang mga na-update na iskedyul at mga PDF na maaaring i-print ay maaaring makita sa website. Ang lokasyon ng bus at mga prediksiyon ng pagdating ay hindi malalaman pagkatapos na magawa ang pagbabagong ito. Ang mga sumusunod na sistema ay maaaring ipakita muli ang mga prediksiyon ng mga bus pagkatapos ng ilang araw, kung ang sistema ng *AC Transit* ay na-update na:
  - ACT RealTime
  - Google Maps
  - Iba pang mga third-party na website at mga mobile app
  - 511 predictions
  - Mga de koryenteng karatula sa mga antayan ng bus at mga istasyon ng BART

Manatiling may kaalaman sa pamamagitan ng pag-tsek sa mga balita sa [actransit.org](http://actransit.org), sundan ang AC Transit sa [Twitter](#) at [Facebook](#), at mag-sign up para sa [mga alerto ng espesipikong linya](#).

Iba pang mga balita tungkol sa transportasyon:

- May mga mahahalagang pagbabago sa iskedyul ng BART. Tingnan ang kanilang [website](#) upang malaman ang kanilang bagong oras ng operasyon at kung paano mananatiling may kaalaman sa mga pagbabago.

- Ang *Union City Paratransit* ay tumatakbo sa karaniwang mga oras at nagbibigay lamang ng serbisyo para sa mga biyahe ng *ADA Paratransit Plus* (ang mga hindi bibiyahe para sa *ADA Paratransit Plus* ay suspendido).
  - Impormasyon sa *Union City Transit* – 510.471.1411
  - Mga Reserbasyon sa *Union City Paratransit* – 510.476.1500
  - Impormasyon Online: [www.uctransit.org](http://www.uctransit.org)
- Ang *AC Transit* ay hindi naniningil ng pamasaha at nagpatupad ng mga pinagbabawal. Pumunta [www.actransit.org](http://www.actransit.org) para sa karagdagang impormasyon.
- Ang *Dumbarton Express* ay hindi naniningil ng pamasaha at nagpatupad ng mga pinagbabawal. Pumunta sa [www.dumbartonexpress.com](http://www.dumbartonexpress.com) para sa karagdagang impormasyon.

### Mga Serbisyo ng Basura at Pagrecycle

Maliban sa ibang pagbabago, ang *Republic Services* at ang *Tri-CED Community Recycling* ay magpapatuloy na magbibigay sa mga residente at mga negosyo ng Lungsod ng Union ng mga karaniwang serbisyo para sa basura, parerecycle at mga organiko. Pakiusap na siguraduhin na ang mga lalagyan ay madaling makukuha sa karaniwang lingguhang araw ng serbisyo.

Ang mga Pansamantalang mga Pagbabago:

- **Suspendido ang pangongolekta ng mga malalaking bagay:** Ang *Republic Services* ay pansamantalang sinuspinde ang pangongolekta ng mga bagay na malalaki. Direktang makikipag-ugnayan ang Republic sa mga kustomer na mayroong naka-iskedyul na pangongolekta ng malaking bagay.
- **Mga Langis ng Motor at mga Baterya:** Ang *Tri-CED* ay pansamantalang sinuspinde and pangongolekta ng kahit anong materyal na hindi nakalagay sa kariton. Kasama dito ang pangongolekta ng galon ng langis, mga filer at lalagyan ng baterya, sobrang karton at mga pagpapalalit ng mga kariton.
- **Iskedyul ng Serbisyo:** Maaaring daanan ng sasakyan para sa pangongolekta ng basura, pagrerecycle at mga organiko ang inyong mga lalagyan ng mas maaga o mas matagal sa inyong karaniwang oras. Ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga tagakolekta na unti-untiin o iba-ibahin ang oras ng kanilang simula ng ruta upang limitahan ang dami ng mga manggagawa na nagsasama-sama at pinapadala sa bawat oras. **Pakilabas ang inyong mga lalagyan simula 6 a.m. - 6 p.m. sa inyong karaniwang araw ng pangongolekta hanggang ito'y makuha.**
- **Ang mga Negosyo** ay maaaring makipag-ugnayan sa *Republic Services* o *Tri-CED* (nasa ibaba ang mga numero, email at website) na pansamantalang suspindihin ang mga serbisyo sa mga account sa kadahilanan na walang basura sa kasalukuyang lugar sa panahon ng Kautusan ng *Shelter in Place* o upang gumawa ng iba pang mga pagbabago sa serbisyo.
- **Ang Sentro ng Tri-CED's Buy Back Recycling** sa 33377 Western Ave, Lungsod ng Union ay bukas sa karaniwang oras ng negosyo para sa mga kinakailangan na mag-recycle ng mga lata, at mga botelya. Pakiusap na i-praktis ang paglalayo-layo sa isa't isa o *social distancing* habang nasa sentro ng parerecycle.
- **Mga Opisina:** Ang opisina ng tanggapan ng *Republic Services* at *Tri-CED* ay sarado para sa mga walk-in na kustomer. Ngunit mayroon pa ring mga kinatawan para sa pagbibigay ng serbisyo para sa mga kustomer (*customer service representative*) na handang tumulong. Ang Union City Recycles ay tumatakbo din ng babahagya sa panahong ito. Saan maaring tumakbo para sa mga katanungan:

**Union City Recycles**

Email [robertom@unioncity.org](mailto:robertom@unioncity.org); [jenniferc@unioncity.org](mailto:jenniferc@unioncity.org)

Tumawag sa 510.675.5466 o 510.675.5353

**Republic Services**

Para sa mga serbisyo para sa basura; komersyal na pagrerecycle/organikong mga lalagyan at mga kahon ng mga labi o mga *debris*, tumawag sa 510.657.3500, mag-email

[CustomerFirst4916@republicservices.com](mailto:CustomerFirst4916@republicservices.com) o pumunta sa [www.RepublicServicesAC.com](http://www.RepublicServicesAC.com).

**Tri-CED Community Recycling**

Para sa mga pagrerecycle at mga kariton ng mga organikong serbisyo, tumawag sa 510.429.8030, mag-email [CustomerService@tri-ced.com](mailto:CustomerService@tri-ced.com) o tumawag sa [www.Tri-Ced.org](http://www.Tri-Ced.org).